# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-18 ng Oktubre, 2024

## Magparehistro para Bumoto bago ang Ika-21 ng Oktubre para sa Presidensyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre

Kung nais ninyong bumoto sa Presidensyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre, kailangan ninyong magparehistro bago Lunes, Ika-21 ng Oktubre upang makatanggap ng balota sa koreo. Kung hindi man, kailangan ninyo magtungo nang personal sa opisina ng Tagapagrehistro sa Kearny Mesa o bisitahin ang isang vote center simula Sabado, Ika-26 ng Oktubre upang magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal hanggang Ika-5 ng Nobyembre.

Ang pagpaparehistro para bumoto ay mabilis at madali at maaaring gawin sa online sa sdvote.com. Kakailanganin ninyong magparehistro para bumoto kung kayo ay:

- hindi pa rehistrado sa County ng San Diego
- kamakailan lang lumipat
- nagpalit ng pangalan

Kung ang inyong pirma ay nakumpirma sa pamamagitan ng mga rekord sa California Department of Motor Vehicles, ang inyong rehistrasyon ay awtomatikong ipadadala sa opisina ng Tagapagrehistro. Kung hindi nakumpirma ang inyong pirma, maaari ninyong i-print ang porma, pirmahan ito, at ibalik ito sa opisina ng Tagapagrehistro bago sumapit ang ika-5 ng hapon sa Ika-21 ng Oktubre.

Ang mga porma ng rehistrasyon ay dapat may postmark o maihatid sa opisina ng Tagapagrehistro bago ang Ika-21 ng Oktubre. Ang mga botante ay maaari ring magparehistro sa online hanggang hatinggabi.

Kung wala kayong access sa computer, maaari kayong humiling ng porma ng rehistrasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 696-0136 o mag-email sa rovmail@sdcounty.ca.gov.

Hindi sigurado kung rehistrado kayo para bumoto? I-check ang inyong status ng rehistrasyon sa online sa sdvote.com.

Para sa mga botanteng nangangailangan ng tulong sa wika, ang mga materyales para sa eleksyon ay available rin sa wikang Espanyol, Filipino, Vietnamese at Chinese.

Ang maagang pagboto ay nagsimula na sa opisina ng Tagapagrehistro mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-18 ng Oktubre, 2024

Kung nais ninyong bumoto nang personal at iwasan ang mahahabang pila, 39 na mga vote center ang bubuksan araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon simula Sabado, Ika-26 ng Oktubre.

Sa Sabado, Ika-2 ng Nobyembre, higit sa 200 mga lokasyon ang magiging available. Ang mga vote center ay bubuksan araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa Ika-4 ng Nobyembre. Sa huling araw ng botohan, Ika-5 ng Nobyembre, lahat ng mga vote center at opisyal na mga ballot drop box ay bubuksan mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Makakahanap kayo ng opisyal na ballot drop box o vote center malapit sa inyo sa inyong pamplet ng impormasyon ng botante, o maaari ninyo itong tingnan sa online sa sdvote.com.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa Presidensiyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101